Pangalan ng estudyante:

Distrito ng Paaralan ng FNSB
Patakaran at Kasunduan sa Katanggap-tanggap na Paggamit

Nakatuon ang Distrito ng Paaralan ng FNSB sa pagbibigay ng ligtas at napapanahong teknolohiya at mga mapagkukunan sa mga mag-aaral at tauhan para sa mga layuning pang-edukasyon. Ibinibigay ang mga mapagkukunan na ito para pahusayin ang buong karanasan sa edukasyon, ito man ay sa sitwasyon ng pag-aaral mula sa malayo, sa isang kapaligiran para sa magkahalong paraan ng pag-aaral, o sa gusali ng paaralan. Inirereserba ng Distrito ng Paaralan ang karapatang subaybayan ang anuman at lahat ng aktibidad sa alinmang network o device na pagmamay-ari ng Distrito.

Ang Patakaran at Kasunduan sa Katanggap-tanggap na Paggamit (Acceptable Use Policy & Agreement, AUP) na ito ay ipinapatupad para malaman ng mga mag-aaral, pamilya, at tauhan (Mga User) ang kanilang mga responsibilidad. Inirereserba ng Distrito ng Paaralan ang karapatang baguhin ang AUP na ito sa anumang oras sa pamamagitan ng paglalathala ng mga pagbabago sa website ng Distrito ng Paaralan, sa email, o sa iba pa.

Responsable ang mga user sa pagsunod sa naaangkop na pag-uugali at mga komunikasyon sa mga device at network ng Distrito ng Paaralan. Kinakailangang sumunod ng mga user sa mga patakaran at regulasyon ng Lupon ng Edukasyon. Walang pananagutan ang Distrito ng Paaralan sa mga kilos ng mga indibidwal na gumagamit ng mga device o network ng Distrito ng Paaralan na lumalabag sa AUP na ito at/o sa mga patakaran at regulasyon ng Lupon ng Edukasyon.

Maaaring kailanganing i-access ng Mga Tagapangasiwa ng Distrito ng Paaralan ang data at mga file sa karaniwang takbo ng kanilang mga tungkulin para panatilihin ang network at integridad ng sistema, o para tiyaking ginagamit ng Mga User ang network at sistema sa responsableng paraan. Maaaring kasama rito ang mga email at file na nakatago o ipinapasa sa pamamagitan ng anumang device o network ng Distrito ng Paaralan. Dahil dito, walang dapat na asahan na pagkapribado sa mga device o network ang Mga User.

Mga Ipinagbabawal na Aktibidad:
Ipinagbabawal ang Mga User ng mga network o device ng Distrito ng Paaralan na makibahagi sa mga sumusunod na pag-uugali/aktibidad:

- Pag-access, pamamahagi, o paghahatid ng di-naaangkop o nakakasakit na mga materyales.
- Pakikilahok sa gawi o aktibidad na lumalabag sa patakaran o regulasyon ng Lupon sa Edukasyon, mga tuntunin sa paaralan o silid-aralan, o sa nalalapat na batas.
- Pangha-harass o pang-aapi o pambu-bully sa iba gamit ang elektronikong komunikasyon.
- Paglabag sa copyright o mga lisensiya ng software.
- Pag-access sa anumang sistema o account nang walang pahintulot.
- Pag-iwas o pagtakas sa mga kontrol ng Distrito ng Paaralan.

Mga Device na Galing sa Distrito

- Ipinapahiram ang mga device sa mga mag-aaral bilang isang kagamitang pang-edukasyon at maaari lamang itong gamitin para sa mga awtorisadong layunin. Nalalapat sa lahat ng oras ang mga patakaran sa paggamit ng Internet sa mga device na pagmamay-ari ng Distrito, sa loob o labas ng pag-aari ng paaralan.
- Responsable ang mga mag-aaral at kanilang mga pamilya sa tamang pangangalaga ng mga device sa lahat ng oras.
- Maaaring humantong ang paglabag sa mga patakaran sa paghihigpit sa paggamit ng mga device.
- Dapat ibalik ang kagamitan na katanggap-tanggap na gumagana kapag hiniling ng awtorisadong tauhan ng paaralan. Maaaring tasahin ang mga multa o halaga sa pagpalit para sa pagbalik ng kagamitan na hindi katanggap-tanggap ang paggana o kondisyon. Mga Halaga: Chromebook/iPad $250; Power cable $65; ibang pagkukumpuni ayon sa tinukoy.

Pangalan ng estudyante: _____

Lagda ng magulang/tagapag-alaga: _____

Petsa: _____